BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

# INILABAS NA BALITA

**ILABAS KAAGAD:** Pebrero 6, 2018
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Tom Flannigan - 415.749.4900

## Nag-iisyu ang Distrito ng Hangin ng dalawang paglabag sa Sims Metal Management

*Nagpapatuloy ang imbestigasyon sa kamakailang sunog sa* pasilidad ng *Richmond*

**SAN FRANCISCO** – Inanunsyo ngayon ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area na dalawang paunawa ng paglabag ang inisyu sa Sims Metal Management dahil sa sunog noong Enero 30 sa pasilidad ng retaso ng bakal ng kumpanya sa Richmond.

Kasama sa mga paunawa ng paglabag ang isang paglabag sa pang-iistorbo sa publiko at isang ilegal na bukas na pagsunog.

“Patuloy na iniimbestigahan ng Distrito ng Hangin ang insidenteng ito para sa lahat ng potensyal na paglabag sa kalidad ng hangin sa tulong ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Contra Costa County at iba pang ahensya,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Kasama ang aming mga partner na ahensya, ganap naming iimbestigahan ang sanhi upang maiwasang mangyari sa hinaharap ang mga sunog gaya nito.”

Noong Martes, Enero 30, nagkaroon ng sunog sa malaking tumpok ng retaso ng bakal nang bandang 5 p.m. sa pasilidad ng Richmond. Nagreklamo ang mga lokal na residente sa kalidad ng hangin dahil sa makapal at maitim na usok mula sa apoy at ipinasara ng mga lokal na awtoridad ang mga daan, nilimitahan ang paglikas, at naglaan ng lugar na matutuluyan para sa mga lugar na malapit sa sunog. Ang kawani ng Distrito ng Hangin ay nangolekta ng mga sampol ng hangin na nagpapahiwatig ng pagtaas na antas ng pagpaparumi sa hangin sa lugar na pinakamalapit sa sunog. Sinusuri ang mga multa at kaparusahan at ipapataw ang mga ito sa petsa sa hinaharap.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

*Tanggapan ng Distrito ng Hangin tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Inilabas na Balita*